

1002 Christian Parenting

Conrad Jun Tolosa

Revised April 4, 2022

4. Unawain ang kalikasan ng bata at ng mundong kanyang ginagalawan.

Sinasabi ng Bibliya na ang kalokohan ay nananahan sa puso ng sanggol (Proverbs 22:15), at ang kanyang pagiging makasalanan ay nagmula pa sa sinapupunan ng kanyang ina (Psalms 51:5). Ang katauhan ng tao ay nahihilig sa kasalanan. Ito ay prinsipyong bumabalot sa kanya mula pagkabata. Dahil dito mauunawaan natin kung bakit ang kasakiman at pagiging makasarili ay naobserbahan natin maski sa munting sanggol.

Mula sa pagka-musmos, ang pagnanasa na mamuno ay mapapansin na nating likas sa tao. Ang baby, halimbawa, ay hindi hihintong umiyak hanggat hindi niya nakakamtan ang kanyang nais. Ano man ang ating edad, mararamdaman natin ang kagustuhan na maging boss, ang pagiging makasarili at mayabang. Ito ay bahagi ng ating kalikasan. Mahirap mang tanggapin, ito ang tinuturo ng Salita ng Diyos at hinding-hindi natin mapagkakaila ang mga katotohanang ito ano mang pag-ilag o pagpapaliwanag ang ating gawin.

Ayaw na ayaw ni Luisa na marinig ang kanyang sanggol na umiiyak. Sa simula pa lamang ng pag-iyak ni Happy, nagkakandarapa na siya sa pag-asikaso kung ano man sa palagay niya ang kailangan ng baby. Ilang beses man siyang pangaralan ng kanyang asawang si Lucky, na pabayaang umiyak ang bata kung hindi pa oras ng pagpapadede o hindi naman basa, hindi niya makuhang sumunod. Kaya naman lagi silang puyat na dalawa.

Hindi naman tayo pinababayaang ng Diyos. Sa pamamagitan ng Bibliya, matutunghayan natin kung paano magagawan ng remedyo ang masasamang bunga ng di tamang pagpapalaki ng anak. Alamin natin ang mga benepisyong ating makakamtan patungkol sa bagay na ito kapag sinunod natin ang katuruan ng Bibliya at mga pangaral ni Cristo:

1. Ang pamalo ng disiplina ang nagtataboy ng kalokohan sa puso ng sanggol (Proverbs 22:15),
2. Ang pamalo ng pagtutuwid ng mali ay nagbibigay karunungan (Proverbs 29:15),
3. Mayroong pag-asa sa pagdidisiplina (Proverbs 19:18),
4. Ang disiplina ay nagdudulot ng kapayapaan at kasiyahan sa kaluluwa (Proverbs 29:17),
5. Sinasabi ng kautusan ng Diyos na ang nagiging masunurin sa magulang ay nagtatamasa ng mahabang buhay sa mundo (Ephesians 6:1-3).

Maraming mga child psychologists at educators ang nagkakasundo sa paniniwalang ang formative years ng tao ay mula sa tatlo hanggang pitong taong gulang. Ibig sabihin, pagdating ng seven years old ng bata, buo na ang kanyang *worldview* - - ang kanyang paniniwala patungkol sa buhay at sa mundong kanyang ginagalawan.

Habang lumalaki si Happy, lalo niyang nakakabisado kung paano patalunin ang ina. At siyempre pa, pinagsasamantalahan niya ang kaalamang ito. Ano man ang kanyang hingin kay Mommy, tiyak na

makakamtan niya. Chichirya, candy, soft drinks, ano mang oras. Nakakapanood siya ng TV hanggang hindi pa siya inaantok. At siyempre pa, hindi siya pwedeng utusan.

Dumating ang panahon na hindi na matanggap ni Lucky ang nangyayari sa relasyon ng mag-ina. Mistulang spoiled brat na si Happy. Sinermunan niya ang bata tungkol sa tamang oras ng pagkain, sa sobrang panonood ng TV, at sa katamaran nito. Subalit hindi nakatiis si Luisa at pinagtanggol niya ang kanyang pride and joy.

Kapag hindi nadisiplina ang mga bata sa murang edad, madali nilang matututuhan ang mga gawa ng kadiliman. At magiging pahirap nang pahirap ang pagdidisiplina sa kanila habang sila ay lumalaking hindi marunong sumunod sa magulang nang agad-agad. Sa simula pa lamang ay dapat nang mapagkasunduan ng mag-asawa kung paano nila didisiplinahin ang kanilang mga anak. Hindi sila dapat magsasalungatan ng desisyon sa harap ng anak upang ito ay hindi malito kung sino sa kanilang dalawa ang may awtoridad at dapat sundin. Hindi rin sila dapat matakot gumamit ng patpat na pamalo sa pagdidisiplina ng anak. Kapag nakita ng bata ang pamalo, alam na niyang tatama yun sa kanya kung siya ay susuway sa kanyang magulang. Subalit dapat na pakatandaan ni Tatay o Nanay na huwag na huwag mamamalo ng anak kung mainit ang kanyang ulo! Ang namamalo habang galit ay malamang na nawawalan ng kontrol sa sarili. Napakahalaga na maunawaan ito ng mga magulang sa lahat na bahagi ng pagpapalaki sa anak lalo na sa aspeto ng pagtuturo, pagsasanay at pagpapakasangkapan ng kanilang mga anak.

Ang mundong ating ginagalawan ay pinaghaharian ng diablo (John 14:30). At ang kalaban naman natin sa pakikibakang espirtual ay hindi laman at dugo o buto at balat, kundi mga awtoridad at kapangyarihan ng kadiliman (Ephesians 6:10). Hindi naman ibig sabihin nito na magagawa ng kademonyohan ang lahat nilang naisin kahit walang pahintulot si Cristo. Hinahayaan ng Panginoon na patuloy maghari-harian ang diablo dahil na rin sa Kanyang mga layunin sa buhay ng tao, lalong-lalo na sa buhay ng Kanyang mga tupa. Dapat malaman ng mga magulang na kung pababayaang nila ang kanilang mga anak na magpalaboy-laboy sa mundo, lantad na lantad sila sa mga gawa at pamamalakad ng diablo.

5. *Ilayo ang anak sa kapahamakan at bantayan ang kalusugan.*

Pinagkalooban ng Panginoong Jesus ang mga magulang ng awtoridad sa tahanan. Ang mga anak ay nasasakupan ng awtoridad na iyon. Subalit dapat pakatandaan na kasama ng awtoridad ay ang mga responsibilidad na dapat namang gampanan ng mga magulang. Sa isang kuwento ng Panginoong Jesus, kinumpara Niya ang isang matatag na buhay sa isang bahay na nakatayo sa bato (Matthew 7:24-25). Sa kuwentong ito nakapaloob ang kahalagahan ng pagkakaroon ng bahay. Ang bahay ay proteksyon para sa anak. Maliit man ito o malaki, sarili man o inuupahan, ang bahay na ito ang magkukubli sa isang pamilya laban sa panganib na magmumula sa bagyo, baha, malakas na hangin, matinding init o lamig. Kung walang bahay, walang maghahadlang sa pinsala na maaring idulot sa isang sambahayan ng mga elemento ng kalikasan. Ang bahay din ang magsisilbing proteksyon sa mga anak laban sa mga masasamang loob o elemento ng karimlan, tulad ng mga drug pushers o magnanakaw. Sa bahay din mangyayaring magtago ang maybahay ng mga mahahalagang gamit o ari-arian, tulad ng damit, sapatos, relo, mga libro at iba pa. Isang malaking pananagutan ng magulang ang hindi niya mapaglaanan ng isang bahay ang kanyang pamilya.

Habang napag-uusapan namin ng isa kong kaibigan ang mga problema sa ating lipunan at sa aming kapaligiran, nasabi niya ito: *Kahit maliit lamang ang aming tahanan, mas mabuting imbitahin dito ng*

aking anak ang kanyang mga kaibigan. Sa ganoong paraan, nasusubaybayan ko kung ano ang kanilang ginagawa at alam ko na ligtas sila sa kapahamakang maaaring matamo sa labas. Bukod pa dito, nakikilala ko kung sino ang kanyang mga sinasamahan. Para sa akin, mabuting prinsipyo ito sa pagprotekta ng anak.

Si Freddy ay anak-squatter. Ikinahihiya niya sa kanyang mga kaibigan sa eskuwela ang pagiging mahirap. Dahil sa tulong ng isang kamag-anak na nasa America kaya nakaka-afford ang kanyang magulang na maipasok siya sa isang private school. Madalas na pinagsisinungalingan niya ang kanyang mga close friends kapag imbitahan na sa bahay ang kinahihinatnan ng usapan. ‘O, Freddy, doon naman tayo mag-hang-out sa bahay ninyo,’ ang mungkahi ng barkada na iniwasang sang-ayunan ni Freddy. “Hindi puwede, eh. May business meeting ang nanay ko,” ang pang-ilag niyang excuse kadalasan.

Sinasabi sa Proverbs 21:20 na *laman ng bahay ng marunong ang piling pagkain at langis. Subalit inuubos ng tanga ang lahat na pagkaing taglay niya.* Hindi lahat ng pagkain ay mabuti sa katawan ng tao. Kaya nga sinasabi na ang marunong o matalino ay namimili ng kanyang kakainin at ipakakain sa kanyang pamilya. Mahalaga na malaman ng mga magulang kung ano ang pagkaing makabubuti sa kalusugan ng kanyang mga anak at kung anong pagkain ang di mabuti at gastos lamang. Kabaligtaran nito ang ugali ng isa kong tiyahin. Palibhasa ay maganda ang estado nila sa buhay, kung ano-anong pagkain ang kanyang binibili at pinakakain sa aking mga pinsan. Kahit marami nang nakain sa tanghalian at malapit na ang hapunan, maghahain pa siya ng kung ano-anong merienda, chichirya at soft drinks. Kaya naman lumaki silang ubod nang tataba. Hindi ibig sabihin ng pagiging mataba ang pagiging malusog. Hindi natin dapat balewalain ang problema ng obesity. Tandaan natin ang isang kasabihan dito sa ating bayan, *Ang lumakas sa gulay ay tunay na malakas ang katawan.* Ang pagsasanay sa pagkain ng gulay ay disiplina na kailangang-kailangan sa ating lipunan sapagkat ang taong may mahinang katawan, mataba man o payat, karaniwan ay walang siglang magtrabaho. Tumatanda sila subalit ang kanilang buhay ay hindi nagiging productive. Subalit, hindi rin naman natin magagarantiyahan na kapag malakas ang katawan ng tao ay siguradong productive ang kanyang buhay.

Sinasabi sa Proverbs 28:19 na, *ang masipag magpataba ng kanyang lupa ay sagana sa ani, subalit ang taong nananaginip ng gising ay mapupuno ng paghihirap.* Taglay ng katotohanang ito ng isang kasabihan ng mga Pilipino: *Ang laki sa layaw karaniwa’y hubad.* Marami sa ating mga kababayan ang batugan. Ang hilig nila ay gumising ng tanghali, kumain at makipag-kuwentuhan maghapon. Hindi nila iniisip ang magkaroon ng kabuhayan sapagkat mayroon silang tinatanggap na sustento mula sa isang kamag-anak na nagtrabaho sa ibang bansa. Kadalasan, ang ugaling ito ay salin-henerasyon. Ganoon ang sitwasyon ng tatay, kaya ganoon din ang lagay ng anak. Totoo na ang nagkukunsinti ng katamaran ay kasosyo sa kulturang isinabubuod ng tulang ito:

*Ang nabubuhay sa kung sino-sinong nag-aabot,
para sa kanyang pangangailangang pagkain at gamot,
buhay nya’y walang magandang kinabukasang maaabot.
at siya kanino ma’y walang mabuting maidudulot.*

Ang isang batang marunong nang maglakad ay maaari nang bigyan ng responsibilidad. Turuan siyang kumuha ng isang maliit na bagay upang iabot sa iyo. Matapos maglaro, turuan siyang pumulot ng kanyang mga laruan at maglagay ng mga ito sa tamang lalagyan. Sanayin ang bata sa pag-aayos ng kanyang tinulugan sa murang edad pa lamang. Huwag siyang bayaang nakaharap maghapon sa

telebisyon. Dapat subaybayan ng mga magulang kung ano ang pinanonood ng kanilang mga anak. Kailangang paglabanan ng mga magulang ang temtasyon na gamitin ang telebisyon na babysitter upang hindi na nila kailangang bantayan pa ang mga ito. Ang paglalaro ng video games ay nakaka-addict. Kailangan din ang disiplina sa bagay na ito. Hindi mababangat ang mga buto ng ating mga kabataan kung sila ay maghapon ng nakaupo sa harap ng TV o PC, o kaya naman ay paista-istambay lamang.

Malaking pananagutan ng magulang ang pabayaang maging tamad ang kanilang anak. Ang tunay na nagmamahal sa anak ay ang magulang na matiyagang nagsasanay sa anak kung papaano mangalaga ng sariling katawan at kung paano mamuhay nang hindi umaasa sa iba. Ang kasipagan sa pagtupad ng mga gawaing bahay ay nagsisilbing pagpapalakas ng katawan at ng kaluluwa.

Multiple Choice

1. Ang bata ay wala pang kamuwang-muwang sa kasalanan kaya hindi siya dapat paluin kapag nagkakamali.
 - a. True
 - b. False
2. Kapag umiyak ang sanggol, ito ay dapat
 - a. Bigyan agad ng gatas
 - b. Tingnan kung basa ang lampin o oras na ng pag-inom ng gatas
 - c. Patahanin kaagad
3. Ano man ang ating edad, naroon ang kagustuhan na masunod lagi.
 - a. True
 - b. False
4. Sa pamamagitan ng _____ matutunghayan natin kung paano magagawan ng remedyo ang masasamang bunga ng di tamang pagpapalaki ng anak.
 - a. Parenting articles
 - b. Payo mula sa ibang magulang
 - c. Pagbabasa ng Bibliya
5. Ang pamalo ng disiplina ang nagtataboy ng _____ sa puso ng sanggol (Proverbs 22:15)
 - a. Karunungan
 - b. Katinuan
 - c. Kalokohan
6. Ang pamalo ng pagtutuwid ng mali ay nagbibigay ng _____ (Proverbs 29:15)
 - a. Kagalingan
 - b. Kabutihan
 - c. Karunungan

7. Ang disiplina ay nagdudulot ng _____ at _____ sa kaluluwa (Proverbs 29:17)
 - a. Kalituhan at kaguluhan
 - b. Kapayapaan at kasiyahan
 - c. Karangyaan at kagalingan

8. Ang bata na lumaking spoiled brat ay
 - a. Magkakaroon din ng mabuting values habang siya ay lumalaki.
 - b. Siguradong mahirap disiplinahin habang siya ay lumalaki.
 - c. Walang problema sa pagsunod sa magulang.

9. Sa pagdidisiplina ng anak, _____ sila Tatay at Nanay sa kanilang mga desisyon.
 - a. Pwedeng magsalungatan sa harap ng anak
 - b. Hindi dapat magsalungatan sa harap ng anak
 - c. Lahat ng nasa itaas

10. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
 - a. Pinag-uusapan ng mag-asawa kung paano didisiplinahin ang mga anak.
 - b. Ang mag-asawa ay hindi dapat nagsasalungatan sa harap ng mga anak.
 - c. Ang mag-asawa ay dapat matakot gumamit ng patpat ng pamalo sa pagdidisiplina.

11. Kapag namamalo ng anak, siguraduhing
 - a. Si tatay o si nanay ay hindi galit nag alit.
 - b. Talagang tatamaan ang anak sa puwet.
 - c. Ang palo ay hindi para lamang tapik sa puwet.

12. Huwag nating kalimutan na ang mundong ating ginagalawan ay
 - a. Dapat na nagbibigay ng kasiyahan sa atin.
 - b. Pinaghaharian ng ng diablo.
 - c. Maraming sources upang tayo ay aliwin.

13. Ang kalaban natin sa pakikibakang spiritual ay
 - a. Ang mga espiritung nangangaluluwa
 - b. Ang mga awtoridad at kapangyarihan ng kadiliman
 - c. Mga masasamang tao na inimpluwensyahan ng mga demonyo.

14. Ang mga batang lumaki na palaboy-laboy sa mundo ay
 - a. mga batang kalye
 - b. lantad sa mga gawa at pamamalakad ng diablo.
 - c. Lumalaking street smart.

15. Sino ang binigyan ng awtoridad sa tahanan?
- Si Tatay at Nanay
 - Si Lolo at Lola
 - Si Tatay
16. Ang kakambal ng awtoridad ay
- Responsibilidad
 - Benepisyo
 - Kapangyarihan
17. Sa isang kuwento ng Panginoong Jesus, ihinalintulad Niya ang isang matatag na buhay na nakatayo sa
- Bato
 - Bakal
 - Buhangin
18. Ang _____ ay nagbibigay ng karunungan.
- Guro
 - Magulang
 - Panginoon
19. Hindi dapat kunsintihin ang _____ ng mga anak.
- Pagiging mausisa
 - Pagiging tamad
 - Pagiging matulungin
20. Ano ang hindi dapat gawin sa mga katangiang nao-obsorbahan ng magulang sa kanyang anak?
- Tangkilikin at hasain pa nang sa ganoon ay mas lalong magkaroon ng improvement.
 - Ipagpaliban ang pagtuon ng pansin sa talent dahil kailangan itong gastusan.
 - Mabuting ipagamit o gamitin ang mga talento at abilidad upang mas lalong kasanayan at katuwaan nang patuloy.
21. Saan nagsisimula ang educasyon ng ating mga anak?
- Sa daycare
 - Sa tahanan
 - Sa Sunday school
22. Ayon sa Proverbs 20:15, ano ang mas mahalaga?
- Kayamanan
 - Karunungan
 - Kasipagan

© Revised: September 14, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.

